

## PAUNAWA SA LAHAT NG MGA TUMATANGGAP NG CALFRESH MAHALAGA – MANGYARING BASAHIN

Pagsapit ng Hulyo 1, 2014, ang batas ng Estado ay nagbago. Ang ilang mga sambahayan ay maaaring makakuha ng benepisyong Kaloob na Tulong ng Estado na Kaugnay ng Utilidad (State Utility Assistance Subsidy - SUAS). Ang benepisyong ito ay ibinibigay minsan LAMANG sa isang panahon ng pagpapatunay. Ito ay para LAMANG sa *partikular na* mga sambahayan na nasa CalFresh. Ang mga sambahayan na tatanggap ng benepisyong ito ay iyong mga:

- walang mga singil sa utilidad na nakahiwalay sa renta/utang sa pagbili ng bahay,
- tumatanggap na ng pinakamalaking benepisyo ng CalFresh para sa laki ng kanilang sambahayan,
- hindi tumatanggap ng pinakamalaking kabawasan sa tirahan; o,
- hindi tumatanggap na ng tinaasang benepisyo dahil sa Kabawasan sa Tirahan ng Walang-bahay.

Ang inyong sambahayan ay karapat-dapat sa SUAS. Ang isang taunang bayad na \$20.01 ay ilalagay sa inyong cash na Elektronikong Transaksiyon sa Benepisyo (Electronic Benefit Transaction -- EBT) na account. Ang benepisyo ng SUAS (\$20.01) ay magagamit para sa pagkain o mga pagbili sa pamamagitan ng cash. Kung kayo ay walang cash EBT account sa kasalukuyan, may itinatag na para sa inyo. Ang pagbabayad na ito ay nagpapaintulot sa county na gamitin ang pinakamalaking kabawasan sa utilidad (Standard Utility Allowance – SUA) para sa mga benepisyong pagkain. Sa inyong susunod na pagpapatunay, kung kayo ay hindi na isang karapat-dapat na sambahayan (batay sa impormasyon na nasa itaas), kayo ay hindi na tatanggap ng \$20.01 na benepisyo ng SUAS. Kung gusto ninyo ng karagdagang kaalaman, tawagan ang inyong manggagawa.



### Sundin ang mga payong ito upang dagdagan ang mga matitipid ninyo sa enerhiya sa bahay:

- Gumawa ng weatherstrip o pagsasarang panlaban sa lamig sa paligid ng mga bintana at pinto.
- Balutin ang inyong pampainit ng tubig ng insulasyon o magkabit ng insulating blanket
- Ilagay ang thermostat ng pampainit ng tubig sa 140 degrees o “normal” kung kayo ay may dishwasher. Kung hindi, ilagay ito sa 120 degrees o “low.” Suriin ang inyong dishwater upang malaman kung magagamit ninyo ang 120 degree water.
- Palitan ang mga incandescent bulb ng mga compact fluorescent lamp – ang mga ito ay gumagamit ng 75% na mas kaunting enerhiya at tumatagal ng 10 beses na mas matagal
- Linisiin o palitan ang mga filter o panala ng inyong pampainit ng bahay at air-conditioner nang palagian.
- Ilagay ang thermostat ng pampainit ng bahay sa 68 degrees o mas mababa, at ang thermostat ng air-conditioner sa 78 degrees o mas mataas, kung ipinahihintulot ng kalusugan. 3 porsiyento hanggang 5 porsiyento na mas maraming enerhiya ang ginagamit para sa bawat degree na ang pampainit ng bahay ay inilalagay nang mataas kaysa 68 degrees at para sa bawat degree na ang air conditioner ay inilalagay nang mas mababa kaysa 78 degrees
- Kumpunihin ang tumutulong instalasyon ng mga tubo at pumapatak-patak na gripo.
- Sarhan ang inyong mga panabing sa mga bintanang nakaharap sa timog at/o kanluran upang harangan ang liwanag ng tag-init. Sa taglamig, buksan ang mga panabing sa maiinit na araw upang makatulong na painitin ang mga silid.
- Lusawin ang mga eladong pagkain mula sa rephidora bago iluto.
- Gamitin ang ilaw ng oven upang tingnan ang progreso kapag nagluluto o naghuhurno sa halip na buksan ang pinto
- Ilagay ang temperatura ng rephidora sa 36° hanggang 39° F at freezer sa 0° hanggang 5° F
- Patayin ang mga ilaw, telebisyon at ibang mga kasangkapan kapag hindi ginagamit
- Hugutin sa saksakan ang computer at ibang mga kagamitan na maaaring tumatakbo kahit patay